Pangalan: ___________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Kabanata 30-39 ng El Filibusterismo**

**I. PANUTO:** Tukuyin kung ano o sino ang isinasaad sa bawat pahayag. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat sa patlang ang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| tarheta | Basilio | baul |
| Chichoy | Padre Florentino | Pebrero |
| Kabesang Tales | matanglawin | lampara |
| Don Tiburcio | Enero | Carolino |

___________ 1. Buwan kung kailan binitay ang tatlong paring martir sa Cavite ayon sa nobela

___________ 2. Pinagpasa-pasahan ng mga mayayaman at binasa noong kasal nina Juanito at Paulita

___________ 3. Pinuntahang tahanan ni Simoun na makikita sa Dagat Pasipiko

___________ 4. Iniregalo ni Simoun sa kasal nina Juanito at Paulita

___________ 5. Platerong kasama nina Isagani sa kuwentuhan

___________ 6. Kasamang tauhan ni Simoun sa paghihimagsik na pumuwesto sa kabukiran para abangan ang mga kawal

___________ 7. Nagtago sa tahanan ni Padre Florentino dahil sa kaniyang takot sa asawa

___________ 8. Nakilala dahil sa paghahasik ng lagim sa bayan

___________ 9. Kasama ni Simoun sa pagpaplano ng himagsikan

___________ 10. Ano ang tangan-tangan ni Simoun nang siya ay pumunta sa dagat Paspiko? Iyon din ang itinapon ng isang pari sa dagat.

**II. PANUTO:** Bilugan ng letra ng tamang sagot.

1. Sa kabanata 34, inilarawan ang naging pagdaraos ng kasal nina Paulita Gomez at Juanito Pelaez. Ang sumusunod na sitwasyon ay nagpapahiwatig sa sakit ng ating lipunan **maliban** sa isa.

   a. Pagdaraos ng magarbong kasal kahit kapos sa salapi
   b. Pagpapakasal batay sa kakayahan
   c. Pagpili ng mga ninong at ninang kahit hindi lubhang kilala
   d. Pagpili ng mamahalin batay sa katayuan sa buhay

2. Mayroon pang ibang kasama sa tahanan si Padre Florentino sa huling kabanata ng nobela. Sino sa sumusunod ang hindi kabilang?

   a Don Tiburcio de Espadaña
   b. Simoun
   c. Mataas na Kawani
   d. Katiwala

3. Bakit kailangang itapon ni Padre Florentino sa karagatan ang kayamanan ni Simoun?

   a. Ang kayamanan ay magagamit sa lalong kasamaan.
   b. Sinunod ng pari ang huling habilin ng namatay na mag-aalahas.
   c. Ito ay pag-aari na ni Padre Florentino at itinapon niya upang makuha ng mga guwardiya sibil na darakip kay Simoun.
   d. Naaangkop ito sa dagat sapagkat karamihan nito ay mga alahas na may mga perlas na sinisisid sa karagatan.

4. Sinabi ni Simoun kay Padre Florentino na nais niyang mapawi ang kaniyang pag-aalinlangan. Ano ang nais ni Simoun na sagutin ng paring kausap?

   a. Tunay nga bang mayroong Diyos?
   b. Sadya bang kalooban ng Diyos na maghirap ang bayan?
   c. Bakit ipinagkait ng Diyos ang tulong sa kaniya?
   d. May pagkakataon pa kaya siyang makapagbagong buhay?

5. Sinabi ni Padre Fernandez na ang kahilingan ng mga estudyante ay katumbas ng pagpapakamatay nilang mga Kastila. Siya rin ang nagsabi na kailangang mamolitika ang mga Kastila at ipagkaloob ang hinihingi ng mga Pilipino. Kung sa ating kasaysayan ay natutong "mamolitika" ang mga Kastila, alin sa sumusunod ang lalong nagtagal na gawin at hingin ng mga Pilipino?

   a. Ang humingi ng karapatang pumili ng relihiyon.
   b. Lalong nagtagal ang pangyayari sa *El Filibusterismo* at ang paghingi ng kanilang kalayaan.
   c. Maghimagsik at hingin ang kanilang kalayaan.
   d. Mananatiling tamad ang Pilipino at hindi hihinging ibalik ang mga lupaing sasakahin.